4

# Sagutang Papel sa GMRC 4

Kuwarter 4

Aralin 1

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa GMRC 4**
**Kuwarter 4: Aralin 1 (para sa Unang Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University – Dasmarinas)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | GMRC | **Kuwarter:** | 4 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa:** | Mga Makasaysayang Lugar sa Pamayanang Kinabibilangan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 4 |

**I. Gawain 1:** Pagpapakita ng Pagmamalaki sa Sariling Lugar (20 minuto)

**II. Layunin:**

a. Matatalakay at maiugnay sa aralin ang nakaraang paksa tungkol sa Laro ng Lahi.
b. Pagtatatag ng bokabularyo ng aralin

**III. Panuto:** Ipagmalaki o ibida ang pangalan ng pangkat sa pamamagitan ng pagsasabi na kilala ang pangalan ng pangkat bilang isang makasaysayang lugar, o sabihin ang katangi- tanging mabuting gawi ng pamayanang kinabibilangan, o pagsasabi ng mga kilalang kabayanihan ng mga Pilipino sa kanilang lugar, o magagandang gawi ng kanilang pamayanan, o masasarap na pagkain at tanawin, at iba pa.

Pangalan na lugar ng aking pangkat: ______________________________________________

Bakit maganda lumipat sa aming lugar? ______________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Bakit pinili mong lumipat ng ibang lugar o pangkat / nanatili sa iyong lugar o pangkat?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**IV. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**F.L.A.M.E.S.** Pagtapatin ang dalawang salita at isa-isang tatanggalin ang magkaparehong letra sa bawat salita. Bilangin ang natirang mga letra at babaybayin ang bawat letra sa salitang F.L.A.M.E.S. ayon sa bilang ng natirang letra sa dalawang salita. Isangguni ang resulta sa "Talahanayan ng Interpretasyon". Gawin natin ang mga ito:

M A K A S A Y S A Y A N ___________________

___+___=_____ Letrang ____ sa FLAMES

N A S Y O N A L I S M O ___________________ Interpretasyon:______________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

M A K A S A Y S A Y A N___________________

___+___=_____ Letrang ____sa FLAMES

M A B U T I N G G A W I_________________ Interpretasyon:______________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

N A S Y O N A L I S M O___________________

___+___=_____ Letrang ____sa FLAMES

M A B U T I N G G A W I_________________ Interpretasyon:______________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

Talahanayan ng interpretasyon ayon kay Dr. Alonsozana:

***F****riends* - magkatugma o *compatible* ang dalawang salita

***L****overs* - mas nagiging makahulugan ang salita kapag pinagsama ang dalawa

***A****nger* - "magagalit" ang isang salita kung di sila magkasama

***M****arriage* - hindi dapat paghiwalayin ang dalawang salita

***E****ngagement* - may malapit na pagkakahambing ang dalawang salita

***S****oulmates* - sadyang pareho ang kahulugan ng dalawang salita

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | GMRC | **Kuwarter:** | 4 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa:** | Mga Makasaysayang Lugar sa Pamayanang Kinabibilangan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 4 |

**I. Gawain 2:** Makukulay na Kapistahan ng Lalawigan (25 minuto)
**II. Layunin:**
- Malilinang ang Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin

**III. Panuto:**
1. Gawin ang sumusunod:

Basahin ang paglalarawan sa mga lugar na ito ayon sa mga kilalang kapistahan nito at sabihin ang mga mabubuting gawi ng kanilang lalawigan.

Ang Kadayawan *Festival* ay isang pagdiriwang na tradisyonal na pinagsasama-sama ang mga katutubo at mga residente ng Davao upang ipagdiwang ang masaganang ani at ipakita ang pagkakakilanlan ng mga lokal na komunidad. Anong mabuting gawi ng mga taga Davao ang pinapakita ng Kadayawan *Festival*?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

Ang Ati-atihan ang pinakamatandang pagdiriwang sa Pilipinas, ang tradisyonal na kaganapang ito ay ipinagdiriwang ang pagtanggap ng mga unang kristiyanong misyonaryo sa Pilipinas ng mga sinaunang katutubo sa bansa at pinarangalan rin si Santo Niño (ang sanggol na si Hesus). Nagaganap ang pagdiriwang sa lalawigan ng Aklan sa isla ng Panay. Anong mabuting gawi ng taga Aklan ang pinapakita ng Ati-atihan *Festival*?

Ang Panagbenga *Festival*, madalas na tinatawag na Baguio *Flower Festival*, ay isang buwang pagdiriwang na karaniwang tumatagal mula Pebrero hanggang Marso. Ito ay itinatag noong 1996 bilang isang paraan upang mapalakas ang turismo at aktibidad ng ekonomiya sa *Baguio City*. Ang kaganapang ito ay naging isang makabuluhang kultural na selebrasyon, na hinihimok ang mga bisita sa buong mundo upang saksihan ang *grand float parade* at mga *street dancing competition* nito. Ano ang mabuting gawi ng mga taga Baguio ang pinapakita ng Panagbenga *Festival*?

Ang Pistang Sinulog-Santo Niño ay isang taunang kultural at relihiyosong pista na ginaganap tuwing ikatlong linggo ng Enero sa Cebu, at nasa lungsod ng Cebu ang sentro ng aktibidad. Itong pista ang sentro ng mga Kristiyanong pagdiriwang kay Santo Niño sa Pilipinas. Anong mabuting gawi ng mga taga Cebu ang pinapakita ng Sinulog *Festival*?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

Ang Pahiyas *Festival* ay isang *harvest festival* sa Pilipinas na nagaganap taun-taon bilang parangal sa patron ng mga magsasaka na si San Isidro Labrador. Tuwing ika-15 ng Mayo, pinalamutian ng mga taga lalawigan ng Quezon ang kanilang mga bahay ng iba't ibang prutas, gulay, bulaklak at iba pang ani, kadalasan na may istilong disenyo na kaakit-akit. Anong mabuting gawi ng mga taga Quezon ang pinapakita ng Pahiyas *Festival*?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**2. Piliin ang tamang sagot.**

_____1. Anong buwan ginugunita ang Kadayawan *Festival* sa Davao City? Ang kasunod na buwan nito ay simula ng "Ber"-*months*.

a. Setyembre
b. Hunyo
c. Oktubre
d. Agosto

_____2. Anong pangunahing layunin ng Ati-Atihan *Festival* sa Aklan?

a. Ipagdiwang ang pagdiriwang ng kasaysayan ng mga sinaunang tribo sa Aklan
b. Ipagdiwang ang pagtanggap ng mga unang kristiyanong misyonaryo sa Pilipinas
c. Ipagdiwang ang pagtatanghal ng mga katutubong sayaw at musika
d. Ipagdiwang ang pagtatanghal ng mga sinaunang rituwal ng mga Aklanon

_____3. Anong buwan ipinagdiriwang ang Panagbenga *Festival* sa *Baguio City*?

a. Pebrero

b. Abril

c. Mayo

d. Enero

_____4. Ano ang pangalan ng pista sa Cebu na karaniwang tinatawag na Sinulog *Festival*?

a. Pista de Mayo

b. Pista ng Nazareno

c. Pista ng Sto. Niño

d. Pista ng Quiapo

_____5. Anong uri ng kaganapan ang karaniwang ginaganap sa Pahiyas *Festival* sa Quezon?

a. Isang relihiyosong prusisyon na nagpaparangal sa isang patron

b. Isang pagdiriwang ng pasasalamat para sa masaganang ani

c. Isang pagdiriwang ng anibersaryo ng pagkakatatag ng bayan

d. Isang kumpetisyon para sa pinakamahusay na tradisyonal na kasuotan

**IV. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ano ang iyong ginagawa o ambag kapag nagdiriwang ng pista o may mahalaga at makasaysayang pagdiriwang sa inyong lugar?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

## SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | GMRC | **Kuwarter:** | 4 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa:** | Mga Makasaysayang Lugar sa Pamayanang Kinabibilangan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 4 |

**I. Gawain 3:** Makasaysayang Lalawigan sa Pilipinas (45 minuto)
**II. Layunin:**
- Mapapahalagahan ang iba't ibang makasaysayang lugar sa pilipinas

**III. Panuto**
A. Basahin ang paglalarawan sa mga lugar na ito at sabihin ang kanilang mabubuting gawi.

Ang Karakol ay isang relihiyosong prusisyon-sayaw na ginaganap tuwing pista sa Cavite. Ito ay sinasaliwan ng katutubong musika na tinutugtog ng *live marching band* o *recorded music*. Sa sandaling mailabas ang imahen sa simbahan, nagsimulang magsayaw ang mga tao ng buong puso ito ay nagpapakita ng kanilang taos-pusong debosyon at pagmamahal sa Birheng Del Pilar, o kilala sa tawag na Nana Pilar. Ano ang mabubuting gawi ng mga taga Cavite?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Maraming mga tao sa Leyte ang Waray, o katutubong pangkat ng Pilipino sa Samar at Leyte. Ang Waray ay mga taong nagpapanatili ng katutubong paniniwala at pinapangalagaan ang karamihan sa kanilang mga alamat mula pa noong panahon bago pa dumating ang mga Kristiyano. Ano ang mabubuting gawi ng mga Waray o mga taga Leyte?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Ang mga taga-Maynila ay kilala sa kanilang kababaang-loob at sa mabuting pakikitungo sa kabila ng mga paghihirap at problema sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Bihira kang makakita ng nakasimangot at madalas ay sila ang unang nagsisimula ng isang masayang pag-uusap. Ano ang mabubuting gawi ng mga taga Maynila?

Ang Bulacan ay kabilang sa mga pinakaprogresibong lalawigan sa Pilipinas. Ang mga mamamayan nito - ang mga Bulakeño (o Bulakenyo), ay mataas ang pinag-aralan at masipag. Ang lalawigan ng Bulacan, Pilipinas ay isang uliran at mapayapang komunidad. Ito ay isang kanlungan para sa negosyo at pamumuhunan. Ano ang mabubuting gawi ng mga Bulakeño?

Ilang nayon sa baybaying kapatagan ng Bataan ay umuunlad na mga komunidad nang matagpuan sila ng mga misyonerong Espanyol noong 1570. Ang mga baybaying nayon na ito ay pinaninirahan ng mga katutubo na karamihan ay mangingisda at magsasaka. Ang Bataan ay kabilang sa mga unang lalawigang nag-alsa laban sa paniniil ng mga Espanyol. Sina Pablo Tecson at Tomas del Rosario ay naging prominente sa Malolos Convention noong 1898, at naging instrumento sa pagtiyak na ang mga Pilipino ay nagtatamasa ng kalayaan sa relihiyon. Ano ang mabubuting gawi ng mga taga Bataan?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

**B. Piliin ang tamang sagot**.

_____1. Ang pagiging malaya ay tanda ng matatag na nasyonalismo, saang lugar sa Cavite naganap ang pagdedeklara ng kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898?

a. Rizal Park

b. Magellan's Cross

c. Aguinaldo Shrine

d. Fort Santiago

_____2. Ang pagtupad ng mga pangako ay isang mabuting gawi, saang lugar tinupad ni Gen. Douglas McArthur ang pangako niyang "I shall return"?

a. Dambana ng Kagitingan

b. Mactan Shrine

c. Corregidor

d. Leyte Landing Memorial

_____3. Ang pag-aalay ng buhay para sa bayan ay isang pagpapahayag ng nasyonalismo, saan binitay ang GOMBURZA o ang tatlong paring martir?

a. Fort Santiago

b. Rizal Park

c. EDSA Shrine

d. Biak-na-Bato

_____4. Ang pagtitipon ng mga pinuno ng bansa ay isang makasaysayan na kaganapan, saan naganap ang pagtitipon o Kongreso ng Malolos?

a. Simbahan ng Barasoain

b. Leyte Landing Memorial

c. Aguinaldo Shrine

d. Rizal Park

_____5. Ang mga taong may mabuting gawi ay magigiting, saang probinsya o lalawigan makikita ang Dambana ng Kagitingan?

a. Cebu

b. Bulacan

c. Bataan

d. Cavite

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**Babalik Ka Rin**. Magbigay ng isa o dalawang lugar na iyong napuntahan na nais muling balikan?

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

**Bakit mo ito Babalikan?**

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| **Asignatura:** | GMRC | **Kuwarter:** | 4 | |
|---|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa:** | Mga Makasaysayang Lugar sa Pamayanang Kinabibilangan | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 4 | |

**I. Gawain 4:** Mga Bayani ng Kasalukuyang Panahon (45 minuto)

**II. Layunin:**

- Mapapahalagahan ang mga ginagawa ng moderno at bagong bayani ng Pilipinas ngayon.

**III. Panuto.**

a. Ipakita ang kanilang mga naging mabuting gawi ayon sa iyong binasa.

***Overseas Filipino Workers***

Sa Pilipinas, naging bahagi na ng kultura ang palaging pagbibigay importansya at pagpapakita ng malaking halaga sa mga pamilya at mahal sa buhay. Kaya naman, may mga taong handang pumunta sa ibang bansa at iwanan ang kanilang mga pamilya upang magbigay ng suporta at tulong pinansyal. Kadalasan sila ay nagbibigay ng pinansiyal na kontribusyon sa mga mahahalagang kaganapan, tulad ng piyesta, sa kanilang sariling bayan.

Anong mabuting gawi ang ipinapakita ng mga *Overseas FilipinoWorkers*?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

***Delivery Rider***

Dahil COVID-19, ang mga quarantine sa panahon na iyon ay kailangang mayroong handang kumilos para sa lahat tulad ng mga paghahatid ng pagkain sa panahon ng pandemic at mga nabili sa *online market*. Anong mabuting gawi ang ipinapakita ng mga *Delivery Riders* sa iyong komunidad?

**Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan (*Healthcare Workers*)**

Sa panahon ng epidemya, ang mga tauhan ng pangangalagang pangkalusugan ay ang pinaka kinikilalang mga bayani na tumutulong sa lahat na lumaban para sa kanilang buhay habang nalalagay sa panganib ang kanilang sariling kalusugan. Ang mga nars, doktor, at iba pang tauhan ng kalusugan sa maraming sektor ay lumalabas na pagod, lalo na sa panahon ng COVID-19, na humipo sa halos lahat ng kabahayan. Madalas silang kulang sa tulog at dehydrated para lamang magsilbi sa buhay ng mga tao; sa halip na magpahinga kasama ang kanilang mga mahal sa buhay sa kanilang mga araw ng pahinga, pinili nilang harapin ang panganib upang matupad ang kanilang hilig at ipahayag kung gaano nila kamahal ang kanilang trabaho pati na rin ang mga tao sa pamayanang kinabibilangan na nangangailangan sa kanila.  Anong mabuting gawi ang ipinapakita ng mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan o *Healthcare Workers*?

**Bumbero, Opisyal ng Pulisya, at Tauhan ng Militar**

Higit pa rito, ang mga tauhan ng pulisya at militar ay itinuturing na mga modernong bayani dahil sila ay naglilingkod at nagbibigay ng kaligtasan at mga pangangailangan para sa lahat sa ating komunidad, lalo na sa pagsubaybay sa lahat ng dumadaan at pumapasok sa mga hangganan ng

iba't ibang bahagi ng bayan. Ang ilang mga tao ay tumatanggap ng mga utos sa paglilipat at kailangang maghintay ng ilang buwan bago nila mabisita ang kanilang mga mahal sa buhay. Hindi pa banggitin ang panganib na kanilang tinatakbuhan sa tuwing makakasalubong nila ang mga rebelde at kriminal. Dagdag pa rito, ang ating matatapang na bumbero ay patuloy na tumutugon sa mga tawag para sa serbisyo. Lubos nilang pinahahalagahan ang kanilang trabaho. Anong mabuting gawi ang ipinapakita ng mga mga Bumbero, Opisyal ng Pulisya, at Tauhan ng Militar?

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

**Boluntaryo at Katulong sa Komunidad (*Volunteers and Community Helpers*)**

Ang pandemya ng COVID-19 ay nagturo sa mga indibidwal ng maraming aral, kabilang ang kung paano pahalagahan ang lahat ng bagay, gaano man kaliit. Tinuruan din nito ang mga indibidwal na magbigay ng tulong sa mga nangangailangan sa kanilang komunidad. Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging matatag at sa patuloy na pagpapanatili ng positibong saloobin sa kabila ng mahihirap na sitwasyon. Gayunpaman, ang mga Pilipino ay nakahanap ng mga malikhaing pamamaraan upang maibigay ang mayroon sila sa mga higit na nangangailangan. Anong mabuting gawi ang ipinapakita ng mga boluntaryo at Katulong sa Komunidad (*Volunteers and Community Helpers*)?

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

b. Pagtapat-tapatin ang tamang sagot. Iugnay sa ikalawang hanay ang mga karaniwang sinasabi ng mga bagong bayani ng ating panahon ngayon sa unang hanay.

| **Unang hanay** | **Ikalawang hanay** |
| --- | --- |
| _____1. "*Delivery* po" | a. *Overseas Filipino Workers* |
| _____2. "Eto po ang mga gamot" | b. Mga *Delivery Rider* |
| _____3. "Lilinisin po namin ang kapaligiran" | c. Mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan (*Healthcare Workers*) |
| _____4. "*Miss* na *miss* na kayo ni Tatay" | d. Mga bumbero, Opisyal ng Pulisya, at Tauhan ng Militar |
| _____5. "Sumunod po tayo sa batas para iwas sunog, krimen, at digmaan" | e. Mga boluntaryo tagapaglinis at Katulong sa Komunidad (*Volunteers and Community Helpers*) |

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

**Ang Kinabukasan Ko**. Alin sa mga bagong bayani ang pipiliin mong maging pagkatapos mag-aaral?

______________________________________________

______________________________________________

Bakit Ito Ang Iyong Napili?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | GMRC | **Kuwarter:** | 4 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa:** | Mga Makasaysayang Lugar sa Pamayanang Kinabibilangan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 4 |

**I. Gawain 5:** Iba't Ibang Kultura sa Pilipinas (45 minuto)

**II. Layunin:**

- Mapapahalagahan ang ganda ng iba't ibang kultura sa Pilipinas.

**III. Panuto.**

- Itugma at ilarawan ang mga sumusunod na kultura ayon sa listahan sa ibaba. Isulat ang tamang titik sa patlang.

Iba't Ibang Kultura sa Pilipinas

_____1. Kultura ng Ilokano

_____2. Kultura ng Tagalog

_____3. Kultura ng Bicolano

_____4. Kultura ng Bisaya

_____5. Kultura ng Muslim

Mga pagpipilian:

a. Ang kulturang ito ay matatagpuan sa gitnang bahagi ng Pilipinas, kabilang ang mga isla ng Cebu, Bohol, at Panay. Kilala ito sa mga tradisyonal na pagdiriwang, tulad ng Sinulog *Festival* sa Cebu at Ati-Atihan *Festival* sa Aklan.

b. Ang kulturang ito ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Luzon *Island* at kilala sa tradisyonal na paghabi at palayok, gayundin sa lutuin nito, na nagtatampok ng mga pagkaing tulad ng bagnet at pinakbet.

c. Ang kulturang ito ay matatagpuan sa katimugang bahagi ng Pilipinas, partikular sa isla ng Mindanao. Ito ay naiimpluwensyahan ng mga tradisyon ng Islam at kilala sa mga makukulay na tela, tradisyonal na musika, at lutuin, na nagtatampok ng mga pagkaing tulad ng biryani at satti.

d. Ang kulturang ito ay matatagpuan sa rehiyon ng Bicol ng Luzon *Island* at kilala sa maanghang na lutuin nito, kabilang ang mga pagkaing tulad ng laing at Bicol Express.

e. Nakasentro ang kulturang ito sa kabiserang lungsod ng Maynila at sa mga nakapaligid na lugar. Kilala ito sa mga tradisyunal na katutubong sining, tulad ng sayaw ng tinikling, at mga lutuin nito na kinabibilangan ng mga pagkaing tulad ng adobo at sinigang.

**IV. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Lakbay-Nilay. Saguting ang sumusunod na tanong.

Saang lugar sa Pilipinas ang gusto mong marating o mapuntahan?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Bakit gusto mo itong puntahan?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Anong mayroon sa lugar na ito na wala sa ibang lugar?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Anong mabuting gawi ang iyong ibabahagi at ipapakita kapag marating mo na itong lugar?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | GMRC | **Kuwarter:** | 4 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa:** | Mga Makasaysayang Lugar sa Pamayanang Kinabibilangan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 4 |

**I. Gawain 6:** Pagsusulit at Pagtataya (45 minuto)

**II. Layunin:**

- Masusukat at matatasa ang nakapaloob na proseso ng pagkatuto sa buong linggong aralin.

**III. Panuto.**

a. Piliin ang tamang sagot:

_____1. Isang mabuting gawi ng Pilipino noon na ginagawa mula Luzon hanggang Mindanao kung saan maririnig ang boses ng binata sa pag-awit upang maipahayag ang kaniyang pag-ibig sa dalagang kaniyang napupusuan.

a. Harana

b. Ligaw

c. Sayaw

_____2. Isang mabuting gawi ng mga Pilipino saan man lugar sa Pilipinas, na nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda. Tinutukoy nito ang pagkuha sa kamay ng nakatatanda at ilalapat sa noo.

a. Pakikipag-kamay

b. Paghalik

c. Pagmamano

_____3. Anong mabuting gawi ng mga Pilipino ang malimit na isinasagawa dati kapag ang magkasintahan ay nagkasundong magpakasal?

a. Pagsasalo-salo

b. Pamamanhikan

c. Pagbabayanihan

_____4. Anong mabuting gawi ng mga Pilipino ang pagsasama-samang nagtutulungan ng mga magkakapitbahay o magkakaibigan? Madalas itong mangyari kapag lilipat ng ibang lugar ang kanilang kababayan.

a. Bayanihan

b. Simbang Gabi

c. Piyesta

_____5. Anong mabuting gawi karaniwang ginagawa ng mga Pilipino upang ipagdiwang ang araw ng lalawigan o pasasalamat sa pagkakaroon ng masaganang ani?
a. Pagdiriwang ng Kaarawan
b. Pagdiriwang ng Kasalan
c. Pagdiriwang ng Piyesta
_____6. Anong mabuting gawi ng mga Kristiyano ang karaniwang ginagawa ng siyam na gabi bago sumapit ang pasko?
a. Pamimigay ng Regalo
b. Pagsisimbang Gabi
c. Pangangaroling
_____7. Ano ang tawag kung saan ginugunita sa pamamagitan ng dula at nagbabalik loob ang mga Kristiyanong Pilipino sa pinaniniwalaan nilang tagapagligtas?
a. Sakripisyo
b. Semantiko
c. Senakulo
_____8. Anong mabuting gawi ang sumasalamin sa kulturang Pilipino kung saan nagnanais na magkaroon ng maganda at mabuting pakikitungo sa iba?
a. Pakikisama
b. Pakikisalamuha
c. Pakikibaka
_____9. Anong tawag kung saan inaalala ng mga mananampalataya ang mga sumakabilang buhay?
a. Flores de Mayo
b. Semana Santa
c. Undas
_____10. Anong mabuting gawi ang pagdiriwang sa buong buwan ng Mayo bilang pagbibigay parangal kay Birheng Maria?
a. Flores de Mayo
b. Semana Santa
c. Undas
_____11. Paano mo matitiyak kung ang isang gawain ay tama?
a. Ito ay nagpapakita ng maayos na pakikitungo sa kapuwa.
b. Ito ay nagpapakita ng mali sa kapuwa
c. Ito ay nagpapakita ng pagiging magulo sa bahay.

_____12. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran sa mga destinasyon ng turista?

a. Nagtatapon ng basura sa tabi ng mga nakatalagang *trash bins*.

b. Tumutulong sa paglilinis at pagsasaayos ng mga destinasyon ng turista.

_____13. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng mabuting gawi sa pagbisita sa mga makasaysayang lugar:

a. Sisigaw at sisigaw ng malakas sa sobrang tuwa.

b. Tahimik na magpapakuha ng larawan.

_____14. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran ng isang maksaysayang bantayog:

a. Sulatan ang pader ng walang pahintulot.

b. Ibabahagi ang kaalaman sa bantayog sa mga magtatanong.

_____15. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng pangangalaga sa ating kinabukasan na maging makaysayang tao sa kinabukasan:

a. Mag-aaral ng mabuti at susunod sa batas ng bansa.

b. Sumama sa mga kaibigang laging naglalaro ng basketball at hindi gumagawa ng takdang aralin.

b. Bukod sa mga magaganda at makasaysayang lugar sa Pilipinas na gusto mong dalawin at mapuntahan, tukuyin ang isang bahay o lugar ng iyong kamag-aral na nais mong dalawin at puntahan:

Pangalan ng kamag-aral: ____________________________________________

Bakit gusto mo itong puntahan at dalawin? ______________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Ipaalam sa kamag-aral na nais mong pumunta sa tahanan niya at itanong kung ano ang mga alituntunin sa pamayanan o pamilya nila ang dapat alam mo at dapat sundin. Isulat ang mga ito:

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________